ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 23
Disyembre 7, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Labanan ang malawakang pasistang terorismo at Memo Order 32 ng rehimeng US-Duterte

Pormal nang ipinaiilalim ng rehimeng US-Duterte sa militarisasyon at paghaharing militar ang kalakhan ng bansa nang inilabas nito ang Memorandum Order (MO) 32. Gamit ito, direktang nagtalaga si Rodrigo Duterte ng dagdag na mga batalyon sa Eastern Visayas, Isla ng Negros at Bicol para apulain diumano ang "karahasan at terorismo" sa naturang mga rehiyon.

Sa aktwal, pinasasaklaw ng MO 32 ang batas militar sa apat pang rehiyon habang pinalalawig sa pangatlong pagkakataon ang nakapataw na sa Mindanao sa kabuuan ng 2019. Maikling panahon at kaunting dahilan na lamang, tahasan at pormal nang ipaiilalim ni Duterte sa walang taning na paghaharing militar ang natitira pang mga rehiyon. Sa aktwal, rumaragasa na sa buong kapuluan ang paghaharing teror ng kanyang rehimen.

Habang ibayo nitong pinatitindi ang militarisasyon at mga opensibang militar laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB), ang kagyat na pokus ng MO 32 ay ang lalong pagpapahigpit ng kontrol at pagmanipula ng AFP at pulis sa eleksyong Mayo 2019 sa mga lugar na ito. Nirigodon ni Duterte

"MO32...," sundan sa pahina 2

## 4 na armas, nasamsam ng BHB-NEMR

NASAMSAM NG BAGONG Hukbong Bayan-Northeastern Mindanao Region (BHB-NEMR) ang apat na mataas na kalibreng armas (dalawang M16, isang M14 at isang R4) matapos nitong tambangan ang mga elemento ng CAFGU sa Barangay San Antonio, bayan ng Remedios T. Romualdez, Agusan del Norte noong Nobyembre 29, alas-5 ng umaga. Apat ang napatay sa panig ng kaaway, kabilang ang sarhentong namumuno sa kanila, at dalawa ang nasugatan. Isang elemento naman ng CAFGU ang dinakip at kasalukuyang nasa kustodiya ng mga Pulang mandirigma.

Sa Misamis Oriental, nakasagupa ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Lakbangan, Barangay Minalwang

"NEMR...," sundan sa pahina 4

ang AFP at ipinwesto ang kanyang pinagkakatiwalaang mga upisyal para tiyakin ang pagkapanalo ng mga kandidatong pabor sa kanya at kanyang pangkatin sa militar. Layunin ng pangkating Duterte na monopolisahin ang eleksyon, kakutsaba ang mga kaalyado nitong *warlord* at dinastiya sa mga rehiyon at prubinsya. Pinapaypayan nito ang pasistang panatisismo ng AFP at PNP at ipinamamayani ang walang hadlang na pamamayagpag ng dahas ng estado upang patahimikin sa sindak ang mamamayan, paralisahin ang mga tumututol, at brutal na supilin ang lahat na lumalaban.

Lubusang inilalantad ni Duterte ang kanyang katangiang sagadsaring pasista, papet, reaksyunaryo, at lulong sa kapangyarihan at kurakot. Malawakan at garapalan niyang isinasagawa ang ekstrahudisyal na pamamaslang, pag-abuso sa kapangyarihan, pagpapalaganap ng mga kasinungalingan at maruruming panggagantso. Dapat lamang siyang kamuhian, lubusang ihiwalay at ubos-kayang labanan ng lahat ng rebolusyonaryo, progresibo at demokratikong pwersa.

Ang walang habas na militarisasyon at pasistang terorismo ng rehimeng US-Duterte ay dapat matatag na sagutin ng ibayong pagpapalawak at pagpapaigting ng digmang bayan. Ang marahas na pagsupil sa mga demokratikong karapatan ay magtutulak sa mas malawak pang hanay ng mamamayan sa armadong paglaban. Gayunman, kailangang patuloy na igiit at ipagtanggol ng mga demokratikong sektor at pwersa ang kanilang mga demokratikong karapatan at pagkilos laban sa pasistang pananakot at paninikil. Alalahanin at panghawakan ang mga leksyon ng mahabang pakikibaka sa pasistang diktadurang US-Marcos.



Magpursigi sa mapangahas, pinakamalawak at pinakalahatang-panig na pagsusulong ng armadong pakikibaka, ligal na demokratikong kilusan, kilusang lihim, pagbubuo ng pinakamalapad na nagkakaisang prenteng antipasista, antipyudal at anti-imperyalista, pagpapalakas ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, at pagkabig ng pinakamalawak na suporta mula sa mga kababayan at mga progresibo at demokratikong organisasyon at pwersa sa ibayong-dagat.

Dapat ubos-kayang isulong at paigtingin ng Partido ang pakikidigmang gerilya. Mapangahas na ilunsad ang mga batayang taktikal na opensiba. Ilunsad sa lahat ng antas ng hukbo, lahat ng larangan ang mga operasyong anihilatibo, kasabay na pinalalawak ang mga aksyong atritibo sa pamamagitan ng malawakang pagpapakilos sa milisyang bayan at masa at masaklaw na paggamit ng mga pasabog at iba pang mga sandata.

Buuin at palakasin ang mga platun at kumpanya ng BHB na tumatahi sa mga larangang gerilya. Palakasin ang kumand sa at koordinasyon ng mga yunit gerilya at panghawakan ang inisyatiba sa militar at pulitika. Mahigpit na subaybayan ang kilos ng kaaway at tukuyin ang papel ng iba't ibang erya at yunit sa paglaban at pagtutulungan. Pursigidong iangat ang kaalaman at kakayahang militar ng mga kumander at mandirigma sa pamamagitan ng mga edukasyon, pagsasanay, ehersisyo, pagtatasa, paglalagom at mga kumperensyang pulitiko-militar sa iba't ibang antas.

Bigyang-prayoridad ang mga aksyong militar gaya ng pagbira sa pinakakinamumuhiang pasistang upisyal at yunit, mga mapandambong na mga malaking korporasyon at mga nagdudulot ng malubhang kahirapan at pinsala sa malaking bilang ng mamamayan. Lalong kailangan ito sa harap ng banta ni Duterte na gamitin ang kanyang *death squad* laban sa kanyang mga


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 23 | Disyembre 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Labanan ang pasistang terorismo at Memo Order 32 1

4 armas, nasamsam ng BHB-NEMR 1

Mag-asawang Casambre, inaresto 4

Rekrutment ng CAFGU, nininegosyo 4

Kasaysayan ng Partido sa Ginamat 5

18, inaresto sa Talaingod 6

Araw ni Bonifacio, ginunita 8

Welga sa Liwayway, tagumpay 7

Karahasan at batas militar, kinundena 8

Kampuhan ng NAMASUFA sa Mendiola 8

Kampuhan ng mga magsasaka ng BTL 8

Linggo ng PLGA, ginunita 8



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

kalaban at kritiko. Dapat ding sabotahehin ang mga pasilidad na ginagamit sa mga pasistang opensiba sa kanayunan at pasistang panunupil sa mamamayan. Labanan nang punto-por-punto ang mga paninira at pambabaluktot ng AFP at rehimen kaugnay ng mga taktikal na opensiba at labanan.

Palawakin at paigtingin ang kilusan at pakikibakang antipyudal bilang susi sa pagpukaw at pagpapakilos sa masang magsasaka at manggagawang bukid at pagtupad sa mga pangunahing tungkulin. Kabilang dito ang mga kampanya at pakikibakang masa at ang mga taktika at gawaing alyansa laban sa mga operasyong "peace and development" at iba pang tipo ng pasistang terorismo at pang-aabuso. Pabulaanan at labanan ang kampanyang pagpapasurender ng mga sibilyan at sapilitang pagpapasapi sa kanila sa reaksyunaryong hukbo. Bigyan-pansin ang malawakan at matinding korapsyon sa hanay ng militar, mula sa pinakamataas na antas hanggang sa ibaba.

Pag-ukulan ng pansin ang mga tampok na problema ng pinakamalaking bilang ng masa sa kanilang saklaw at ang kanilang mga saloobin. Pukawin at sama-sama silang pakilusin upang harapin at lutasin ang mga problemang ito. Ang paglawak at konsolidasyon ng organisasyon ng masa ay dapat mangahulugan higit sa lahat ng paglawak at paglakas ng mga kampanya at mobilisasyong masa. Pasiglahin ang mga kampanya sa produksyon at pagpapaunlad ng kabuhayan para pabutihin ang kalagayan ng masa at matustusan ang mga pangangailangan ng hukbong bayan at pakikidigma.

Palawakin at pasiglahin ang kampanya at mobilisasyong masa sa edukasyon at propaganda upang itaas ang kamulatang pampulitika at palabang diwa ng masang anakpawis. Palawakin at pasiglahin ang iba pang kampanyang masa sa kultura, kalusugan at iba pa para panatilihing buhay ang militansya, pagkakaisa at kanilang sama-samang pakikibaka.

Palawakin at paigtingin ang mga aksyong protesta at iba pang pakikibakang masa laban sa iligal na pang-aaresto at iba pang pasistang paninikil sa mga demokratikong karapatan at mga ligal na demokratikong organisasyon.




Palawakin at paigtingin ang mga pakikibakang unyon at pangkabuhayan ng mga manggagawa, maralitang lunsod at ng iba't ibang sektor para sa kabuhayan at serbisyong panlipunan. Labanan ang patakarang neoliberal na bumubusabos sa mga anakpawis at labis na pumapabor sa malaking negosyong lokal at dayuhan. Ilantad at labanan ang mga neoliberal na pagbabawal, pagsikil at pagkakait sa mga unyon at karapatang unyon, gayundin sa iba pang mga kalayaang indibidwal at kolektibo sa mga pabrika, upisina at paaralan, para sa interes ng malalaking korporasyong dayuhan at lokal.

Dapat igiit at ipaglaban ng mga ligal na progresibong organisasyon, partido at alyansa ang kanilang ligalidad. Dapat patuloy na magpalawak at magpalakas ang mga ito habang malawakang pinupukaw at pinakikilos ang mga tradisyunal at di-tradisyunal na mga organisasyon at alyansa ng mga demokratikong sektor.

Buuin ang pinakamalawak na mga alyansang antipasista. Makipagkaisa sa pinakamalawak na hanay ng mga demokratiko at antipasistang pwersa at tunguhin para ipagtanggol ang mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil laban sa pasistang panunupil.

Ilantad at labanan ang pakana ng pasistang pangkating Duterte na manipulahin ang eleksyon. Ang malawak at iba't ibang antas ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga partido at kandidato ang tiyak na maghihiwalay at tatalo sa mga kandidatong sagadsaring pro-Duterte at sagadsaring kontrarebolusyonaryo.

Malawakang pakilusin ang lahat ng rebolusyonaryo at progresibong pwersa at masa sa kanayunan at kalunsuran para aktibong labanan ang mga kasinungalingan, pambabaluktot at kontrarebolusyonaryong saywar ng pasistang rehimen at AFP.

Tuluy-tuloy na ilantad at kundenahin ang mga pasistang krimen at pang-aabuso, ang mga pangangamkam at pandarambong, ang pagsasamantala at pambubusabos sa mga anakpawis, ang talamak na katiwalian at korapsyon, at iba pang kabulukan ng rehimen at naghaharing sistema. Masigasig na ipalaganap at itaguyod ang mga rebolusyonaryong panawagan at pakikibaka.

Dapat palawakin at palakasin ang Partido sa lahat ng antas. Mapangahas na isulong at paigtingin ang pakikidigmang gerilya at mga pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista laban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Patuloy na palakasin ang pamumuno sa pulitika at militar ng Partido sa pinakamalawak na masa. Paunlarin ang kakayahang magbunsod at magsulong ng mga malawakang kampanya at pakikibakang masa sa pulitika, ekonomya, militar, produksyon, edukasyon, kalusugan, kultura at iba pa.

Kailangang malawakang ilantad, ihiwalay at labanan ang pasista at papet na rehimeng Duterte sa ibayong-dagat at internasyunal na upinyong publiko. Pursigidong palawakin ang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga migrante. Palawakin ang ugnay at pakikipagtulungan sa mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo sa ibayong-dagat. AB

"NEMR...," mula sa pahina 1

sa bayan ng Claveria ang mga nag-ooperasyong tropa ng AFP noong Disyembre 6. Dalawang sundalo ang napatay.

Sa Negros Occidental, isang sundalo ang napatay nang paputukan ng BHB ang *patrol base* ng 15th IB sa Sityo Bugtong Kahoy, Barangay Asia sa bayan ng Hinobaan noong Nobyembre 27, alas-8 ng umaga. Nasugatan na si S/Sgt. Ricky Ignacio, kumander ng naturang detatsment. Ang operasyon ay tugon ng BHB sa hiling ng mga residente na wakasan na ang militarisasyon ng AFP sa kanilang mga lugar. Anang BHB-Negros Occidental, marami nang ulat kaugnay ng pagkakampo ng mga sundalo sa mga eskwelahan, *barangay hall,* palengke at kahit sa bahay sa komunidad.

Naglabas din ng listahan ang 15th IB ng mga residenteng "pinasusurender" at nagpataw ng *curfew*. Ipinagbawal ang pagpunta ng mga residente sa kanilang mga sakahan sa labas ng baryo. Pininsala rin ang kanilang mga pananim, gamit-pansaka at mga alagang hayop.

Sa Samar, apat na magkakasunod na armadong aksyon ang inilunsad ng BHB-Eastern Visayas noong Nobyembre 9-20. Hinaras ng mga Pulang mandirigma ang mga tropa ng 14th IB na papunta sa Barangay Concepcion sa Paranas noong Nobyembre 20. Bago nito, inatake ng BHB ang nakakampong tropa ng 52nd IB at CAA sa Barangay Buenavista, San Jorge noong Nobyembre 18. Dalawang elemento ng CAFGU ang napatay at isa ang nasugatan.

Noong Nobyembre 10, hinaras ng isang yunit ng BHB ang mga nag-ooperasyong mga tropa ng 14th IB sa Barangay Salvacion, Can-avid, Eastern Samar habang hinaras naman ng isa pang yunit ang mga tropa ng 63rd IB sa Sityo Galutan, Barangay San Nicolas, San Jose de Buan noong Nobyembre 9. AB

# Mag-asawang Casambre, iligal na inaresto

ILIGAL NA INARESTO ng mga operatiba ng militar at pulis ang mag-asawang Rey Claro at Corazon Casambre sa Cavite noong hatinggabi ng Disyembre 6. Si Rey Casambre ay konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Tahasag nilabag ng pag-aresto ang kanyang karapatan sa ilalim ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees sa pagitan ng GRP at NDFP.

Para bigyang katwiran ang pag-aresto, walang kahiya-hiyang tinamnan ng mga operatiba ng PNP ng mga baril at bomba ang sasakyan ng mag-asawa at sinampahan ng malinaw na mga gawa-gawang kasong pagpatay at tangkang pagpatay sa Davao Oriental. Pang-apat nang konsultant ng NDFP si Casambre na iligal na inaresto at idinitine ng rehimeng US-Duterte.

Ang sunud-sunod na pag-aresto sa mga konsultant ng NDFP ay bahagi ng pasistang paninikil at *de facto* batas militar ng rehimen para supilin at busalan ang mga demokratikong grupo at pwersang oposisyon sa imbing layunin nito na patahimikin ang mamamayang Pilipino at paluhurin sila sa kanyang tiranikong paghahari.

Ang pag-aresto kay Casambre, na kabilang sa mga pinangalanang terorista ng rehimen sa kasong proskripsyon laban sa PKP at BHB na isinumite nito sa reaksyunaryong korte, ay bahagi ng kampanyang panunupil na nakabalangkas sa National Internal Security Plan ni Duterte na naglalayong durugin ang rebolusyonaryong armadong kilusan at mga pakikibakang masa upang mamanipula ang resulta ng eleksyong 2019 at itulak ang kanyang iskema na magtatag ng isang pasistang diktadura.

# Rekrutment ng CAFGU, ginagawang negosyo

GINAGAMIT NG AFP ang rekrtument at tauhan ng CAFGU para pagkakitaan. Ito ang ibinunyag ng tagapagsalita ng BHB-Northeast Mindanao Region na si Ariel Montero. Aniya, mayroong mahigit 100 detatsment ng CAFGU sa rehiyon sa kasalukuyan. Liban pa ito sa mga detatsment ng SCAA na nagsisilbing pribadong gwardya ng mga kumpanyang mina at plantasyon. Mayroong humigit-kumulang 40 elementong CAFGU ang bawat detatsment o 4,000 sa 10 detatsment sa buong rehiyon.


Sa papel, pinasusweldo ang mga CAFGU nang P4,500/buwan kada isa (P18 milyon/buwan.) Pero sa totoo, hindi ito ibinibigay sa kanila sa loob ng tatlo hanggang apat na buwan para magamit ng mga upisyal bilang kapital sa kanilang mga negosyo at pautang. Bilang pautang, pinapatawan ito ng 5% hanggang 20% na interes. Sa gayon, tumatabo ang mga upisyal-militar sa rehiyon nang hanggang P10.8 milyon kada kwarto. Para magkapera ang mga elemento ng CAFGU, nangungutang ang kanilang mga pamilya sa mga "kooperatiba" na itinayo rin ng AFP o ng mga usurerong kakutsaba nila.

Ibinunyag din ni Montero na nagpaparamihan ng mga pekeng surenderi ang mga kumander ng 75th IB at 36th IB dahil naghahabol ang mga ito ng promosyon para maging kumander ng dibisyon. Sa kanilang pagkukumahog, ginagamit nilang ebidensya kahit ang mga ripleng ginagamit ng mga magsasaka para sa pangangaso. Itinuturing ding surenderi ang pinagdududahan nilang mga "tagasuporta" ng BHB at kanilang mga pamilya.

Ginagawa rin ng mga upisyal na palabigasan ang programa ng pagpapasurender. Bihira, kung natatanggap man, ng mga "surenderi" ang pangako sa kanilang P65,000 ayudang pinansyal. AB

# Dakilang kasaysayan ng Partido sa Ginamat

*Ang artikulong ito ay ambag ng mga myembro ng Partido sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera sa serye ng* Ang Bayan (AB) *tungkol sa mga tampok na karanasan sa pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Nananawagan ang patnugutan ng* AB *sa iba pang komite ng Partido na mag-ambag sa seryeng ito sa pamamagitan ng pagsumite ng inyong tampok na mga kwento.*



Ang baryo Ginamat ay isang baryo sa Cordillera na may mahaba at dakilang kasaysayan ng pagkilos sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Mahigit isandaan lamang ang kabahayan dito pero maliit man, ito ang isa sa mga nanguna sa paglaban sa plano ng diktadurang US-Marcos na itayo ang Chico Dam noong dekada 70.

Taong 1976 unang kumilos ang mga elemento ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar. Agad na nagsagawa ang mga Pulang mandirigma ng mga pag-aaral at itinaas ang pagtutol ng mga residente sa Chico Dam tungo sa isang anti-imperyalistang paglaban. Noon pa man, nakatakdang saklawin ng proyektong ito ang mga munisipyo ng Tabuk, Lubuagan, Tanudan at Tinglayan sa Kalinga hanggang sa mga munisipyo ng Sadanga, Sabangan at Bontoc sa Mountain Province, at maglulubog ng mga komunidad na aapekto sa mahigit 100,000 mamamayan.

Isa sa unang kinausap ng mga Pulang mandirigma ang mga pangat (tradisyunal na lider) ng tribu at mga *peace-pact holder* upang mabuo ang pagkakaisa ng Hukbo at mamamayan kaugnay ng paglaban sa Chico Dam. Mabilis ang pagrerekrut ng mga Pulang mandirigma mula sa hanay ng mga tribu, ganundin ang pagpapalawak ng impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan sa lugar. Hindi naging problema ang pag-aarmas sa maraming sumampa sa Hukbo dahil karaniwang may riple ang mga katutubo sa lugar. Sa loob lamang ng ilang taon ay umabot na sa ilang platun ang sumapi sa BHB mula sa nasabing baryo.

Unang bahagi ng dekada 1980s nabuo ang sangay ng Partido sa lokalidad sa Ginamat. Binuo ito ng mga aktibistang masa, tradisyunal na lider, panggitnang pwersa at kabataan. Sila ang nanguna sa mga gawaing propaganda at edukasyon sa baryo. Naglunsad din sila ng mga pagsasanay ng yunit milisya.

Ang mga kilos-masa katulad ng mga nailunsad na mga "bodong conference" at ang masiglang edukasyong masa, na sa tinawag ng mga residente na "iskuling," ang nagpasibol ng paborableng kundisyon para sa pagpapalakas at pagpapasigla ng rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka laban sa dam. Dahil sa matibay na pagkakaisa ng Hukbo at mamamayan, at sa pursigido at masiglang kilusang masa at armadong pakikibaka, iniatras ng diktadurang Marcos ang pagtatayo ng Chico Dam 1-4 noong 1982.

Tulad ng ibang sangay sa rehiyon at sa buong bansa, dumanas ng mga unos at pagsubok ang Partido sa Ginamat sa sumunod na mga dekada. Sa gitna nito, nananatiling nasa wastong landas ang paninindigan ng Partido sa lugar.

Nagpanibagong-lakas ang Partido sa Ginamat mula 2009. Sa panahong ito, muling gumana ang mga ganap na samahang masa ng mga magsasaka, kababaihan at kabataan. Mula noon hanggang sa kasalukuyan, tuluy-tuloy ang gawaing konsolidasyon sa baryo sa pamamagitan ng kampanyang edukasyon. Binigyang-diin ang pagpapatapos ng Batayang Kurso ng Partido sa mga kasapi ng sangay. Sa kalaunan ay nabuo ang komiteng subseksyon sa tipak na kinapalolooban ng baryo Ginamat. Naging kagawad nito ang mga kadre mula sa lokalidad.

Sa pagpapanibagong-sigla ng Partido at mga organisasyong masa, muli ring sumigla ang mga kilusang masa. Muling inilarga ang mga plano sa rebolusyong agraryo sa baryo na nakatuon sa pagpapaunlad ng agrikultural na produksyon ng mamamayan, gaya ng pagpapaunlad ng produksyon ng bigas.

Tampok ang tuloy-tuloy na paglarga ng anti-pasista na pakikibaka ng mamamayan ng Ginamat. Matibay na hinarap ng sangay at mga organisasyong masa ang mga pasistang atake ng kaaway sa baryo kabilang ang mga pananakot at panggigipit sa mga aktibistang masa. Tuwing pumapasok ang mga tropa ng AFP sa kanilang baryo, mabilis na kumikilos ang mga residente upang tiyaking hindi tumatagal at kagyat sila napalalayas.

Pagpasok pa lamang ng mga tropa ng militar sa baryo ay agad nang nagpapatawag ng pulong ang sangay upang balangkasin ang kanilang mga hakbang. Ang ilang ulit na pamimilit ng kaaway na magrekrut ng CAFGU at magtayo ng detatsment ay napigilan. Tuluy-tuloy silang nagpadala ng mga petisyon at delegasyon upang patalsikin ang mga detatsment na itinayo sa kalapit nilang baryo.

Sa pamumuno ng SPL sa mga pakikibakang masa at partisipasyon ng mga residente sa armadong pakikibaka, lalong napatatatag ang Partido at ang pampulitikang kapangyarihan ng mamamayan sa baryo. Sa ngayon ay may mahigit nang 40 kasapi ang SPL at tuluy-tuloy ang kanilang pagsisikap na makapagpalitaw ng mga pultaym na mandirigma para sa Pulang Hukbo. AB

# 18, iligal na inaresto sa Talaingod

Dinakip at sinampahan ng gawa-gawang kasong *kidnapping* at *human trafficking* sa Tagum City noong Nobyembre 29 ang 18 mga lider-masa at aktibista sa pangunguna ni dating Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at ACT Teachers Party Rep. France Castro. Isang araw bago nito, hinarang, ininteroga at arbitraryong idinetine ng mga elemento ng pulis, 56th IB at ng Municipal Social Work and Development Office sina Ocampo, Castro at 77 iba pang delegado ng National Humanitarian Mission (NHM) at mga bakwit na kanilang sinaklolohan sa Talaingod, Davao del Norte.

Noong Nobyembre 28, naiulat na sapilitang kinandado ng mga elemento ng paramilitar na Alamara ang kampus ng Salugpongan Ta' Tanu Igkanugon Community Learning Center, Inc. (STTICLCI) sa Sityo Dulyan, Barangay Palma Gil. Pinagbantaan din ng Alamara at 56th IB ang mga residente at nagpatupad ng blokeyo sa pagkain. Dahil sa patuloy na panggigipit ng militar, natulak kinagabihan na magbakwit ang mga residente, estudyante at guro. Nang hindi nakapaghapunan, naglakad sila nang mahigit tatlong oras palayo sa komunidad para salubungin ang mga delegado ng NHM.

Naiulat ng mga delegado na dalawang beses na hinarang ng 56th IB ang kanilang komboy—sa Sityo Igang dakong alas-8 ng gabi para diumano papirmahin sila sa isang "attendance sheet;" at sa Sityo Upaw dakong alas-9:20 kung saan sila binato, dalawang beses na pinaputukan ng baril at binutas ang mga gulong ng sasakyan gamit ang pako.

Matapos nito, dakong alas-9:30, dinala at sinimulang idetine ang 79 delegado at bakwit sa Talaingod Police Station. Kabilang sa mga idinetine ang 29 estudyante at 12 guro ng STTICLCI.

Sa kaugnay na balita, nagprotesta ang iba't ibang progresibong grupo sa harap ng Camp Crame noong Disyembre 3 at sa Boy Scout Circle, Quezon City noong Nobyembre 30 para kondenahin ang iligal na pag-aresto sa Talaingod 18 at ipanawagan na agad silang palayain.

Pansamantalang pinalaya ng Tagum Regional Trial Court ang 18 noong Disyembre 1 matapos magbayad nang pyansang P1.44 milyon (P80,000 kada isa).

Samantala, tuluy-tuloy ang pandarahas ng pasistang tropa sa mga progresibo, kanilang mga pamilya at tagasuporta.

Noong Nobyembre 23, pinagbabaril ng walong di nakilalang lalaki ang mga kasapi ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Agusan del Sur (NAMASUR) na sina Datu Walter España, tagapangulo nito, Rommel Romon at isa pa nilang kasamahan sa Sityo Cantagan, Barangay Lucac, San Francisco noong Nobyembre 23. Nagtamo ng tatlong tama ng bala si Romon na agad niyang ikinamatay. Agad na isinugod sa ospital si España at kasalukuyan pang nasa kritikal na kalagayan dahil sa mga tama ng bala sa dibdib, tiyan, paa at baywang. Samantala, nakaligtas ang isa nilang kasamahan. Ang NAMASUR ay aktibong tumututol sa pagpapalawak ng mga plantasyong *oil palm* ng Davao San Francisco Agricultural Ventures Inc. Bago nito, una nang ginipit at nakatanggap ng banta sa buhay si España.

Noong Nobyembre 27, binaril ng dalawang pinaghihinalaang ahente ng 29th IB si Linus Cubol, dating tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno-Caraga at rehiyunal na koordinador ng Anakpawis, sa harap ng kanyang tindahan sa Santiago, Agusan del Norte. Nagtamo ng limang tama ng bala ang biktima na agad niyang ikinamatay. Bago ang insidente, walang puknat ang panggigipit at pagbabanta ng 29th IB kay Cubol. Ilang beses din siyang ininteroga dahil lamang sa paglahok sa mga aktibidad ng mga progresibong grupo.

Maaalalang noong Nobyembre 27 upisyal na ipinahayag ni Rodrigo Duterte ang pagpakawala ng isang "death squad" laban diumano sa mga kasapi at gustong sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, apat na guro ang dinukot at iligal na idinetine ng 51st at 81st IB sa Lanao del Sur. Natuklasan noong Nobyembre 27 na nasa kustodiya ng militar ang apat na gurong boluntir ng Rural Missionaries of the Philippines-Northern Mindanao na dinukot ng mga tropa ng nasabing mga yunit noong umaga ng Nobyembre 12 habang nagtuturo sa paaralan ng Sityo Babalayan, Barangay Durongan, Tagoloan 2, Lanao del Sur. Kinilala ang mga biktima na sina Tema Namatidong, 28, Julius Torregosa, 30, Ariel Barluado, 22, at Giovanni Solomon, 20.

Kinumprima ni Cpl. Rico Ordaneza ng 103rd IBde na kasalukuyang nakadetine at iniimbestigahan ang mga guro dahil namataan umano silang kasama si Sultan Jamla, na may mandamyento de aresto para sa iba't ibang kasong kriminal. Bago nito, nagpakalat ang mga sundalo ng pekeng balita na dinala ang biktima sa Marawi City para lituhin ang mga naghahanap sa kanila.

Kasabay nito, limang estudyante ng Mindanao Interfaith Services Foundation Inc. (MISFI) ang tinortyur ng mga tropa ng 19th IB noong Nobyembre 18 sa Magpet, North Cotabato. Ininteroga ng mga sundalo ang mga estudyante tungkol sa lokasyon ng mga myembro ng MISFI, at nang bigong makasagot ay binugbog, pilit na pinaluhod sa lupa at pinagbantaang papatayin.

Kahit ang mga kamag-anak ng mga progresibo ay di ligtas sa pasismo. Noong Nobyembre 24, tinortyur ng siyam na myembro ng 65th IB na nakabase sa Opol, Mi-

samis Oriental ang buong mag-anak ni Joseph Paborada. Si Paborada ay tagapangulo ng Pangalasag, isang lokal na organisasyong Lumad at kasapi ng Kalumbay Regional Lumad Organization, mga organisasyong aktibong nagtatanggol sa lupang ninuno.

Dakong alas-9 ng gabi nang sapilitang pasukin ng mga sundalo ang bahay ni Paborada at bugbugin siya at ang kanyang asawa at tatlong anak. Dalawang beses ring nagpaputok ng baril ang isang sundalo at pinagbantaan si Paborada na papatayin pati ang isa sa kanyang mga anak.

Sa Compostela Valley, dalawang beses na sinalakay ng di kilalang mga lalaki ang mag-anak ni Paul John Dizon, tagapangulo ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms (NAMASUFA) noong Nobyembre 30. Napigilan nila ang unang atake dakong alas-12 ng hatinggabi kung saan tinangkang silaban ang kanilang bahay. Bumalik ang mga lalaki dakong alas-1:30 ng umaga at pinaulanan ng bala ang bahay. Kasalukuyang nakakampo ang mga kasapi ng NAMASUFA sa Maynila para labanan ang kontraktwalisasyon at batas militar sa Mindanao. *(Basahin ang kaugnay na artikulo sa pahina 8.)* AB

# Ika-155 Araw ni Bonifacio, ipinagdiwang

Sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno ipinagdiwang ng mga pambansa-demokratikong grupo ang ika-155 Araw ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30. Nagprotesta ang mga progresibong organisasyon at sektor sa paanan ng tulay ng Mendiola sa Maynila para kundenahin ang tahasang pangangayupapa ng rehimeng Duterte sa US at China. Ipinanawagan din nila ang kagyat na pagwawakas sa panunupil sa demokratikong karapatan at batas militar sa Mindanao.

Matapos nito, tumulak ang mga raliyista sa Embahada ng US para tutulan ang patuloy na panghihimasok ng imperyalista sa bansa. Nagtapos ang programa sa pagsusunog ng isang *effigy* na may mukha ni Duterte na kinukubabawan ni US President Trump at Chinese President Xi Jinping.

Kaugnay nito, nagprotesta ang mga progresibong grupo mula sa Southern Tagalog sa pangunguna ng Pamantik-KMU sa Crossing, Calamba, Laguna sa ganap na alas-4 ng hapon.

Kasabay na ipinagdiwang ng mga balangay ng Anakbayan ang Araw ni Bonifacio at ang kanilang ika-20 anibersaryo. Sa pangunguna ng pambansang upisina ng Anakbayan, isinagawa ang dulang "Ang Naratibo ng Bayan ay Naratibo ng Digma" sa UP Film Institute, UP Diliman at Polytechnic University of the Philippines. Inilunsad din ng mga balangay ng Anakbayan sa Bicol, Cavite at Cordillera ang mga pagtitipon at pagkilos.

Samantala, nagsagawa ng raling iglap ang lihim na organisasyong Kabataang Makabayan (KM)-Lucille Gypsy Zabala Brigade sa harapan ng Far Eastern University sa Maynila noong Nobyembre 29.

Isinagawa ang protesta bilang pagdakila sa ika-54 na taong anibersaryo ng KM at mga kabataang nag-alay ng buhay sa rebolusyon.

Ipinanawagan nila ang pagpapabagsak sa tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte at pagsampa ng kabataan sa Bagong Hukbong Bayan. Kaparehong protesta ang inilunsad ng Kabataang Makabayan sa Cebu. AB

## Mga magsasaka ng BTL, nagkampuhan

MAHIGIT ISANG LINGGO nang nakakampo ang may 400 magsasaka ng Buffalo-Tamaraw-Limus (BTL) sa Malaybalay City, Bukidnon. Nagsimula ang kampuhan noong Nobyembre 27 para igiit kay Jose Ma. Zubiri, gubernador ng prubinsya, na ipamahagi na ang 517 ektarya ng lupa na tatlong dekada na nilang sinasaka.

Ayon sa pangulo ng BTL, hindi sila aalis sa lugar hangga't hindi tinutugunan ni Zubiri ang matagal na nilang panawagan. Giit din ng grupo na wakasan ang harasment at *Red-tagging* sa kanilang hanay. Pinalalayas din nila ang mga sundalong nakatigil sa kanilang mga komunidad.

Samantala, nagsagawa ng isang misa at nagtirik ng kandila ang mga taong-simbahan, tagapagtanggol ng karapatang-tao at mga magsasaka sa Quiapo Church noong Nobyembre 29 para sa mga biktima ng masaker sa Sagay, Negros Occidental.

Gayundin noong Disyembre 4, nagprotesta ang Bagong Alyansang Makabayan at Anakpawis sa harap ng Department of Justice at naghain ng reklamo laban sa ama ng batang nakaligtas sa masaker. Ayon sa kanila, ginagamit ng pulis at militar ang ama ng bata laban sa mga mangagawang bukid ang biktima.

Sa kaugnay na balita, nagprotesta ang mga kasapi ng T'boli Manobo S'daf Claimants Organization sa harap ng kampo ng militar sa Lake Sebu, South Cotabato makalipas ang isang taong walang hustisya sa pagmasaker ng mga elemento ng AFP sa pitong myembro ng kanilang tribu noong Disyembre 3, 2017. Kabilang sa mga pinaslang ang kanilang lider na si Datu Victor Danyan Sr.

## Karahasan at batas militar sa Mindanao, kinundena

NAGPROTESTA SA HARAP ng Department of National Defense, Camp Aguinaldo, Quezon City noong Disyembre 4 ang grupo sa pangunguna ng BAYAN-Mindanao at Barug Katungod para labanan ang patuloy na pag-iral ng batas militar sa isla na nagdudulot ng paglabag sa karapatang-tao.

Samantala, sa isinagawang National Clergy Convocation ng Iglesia Filipina Indipendiente noong Nobyembre 20, naglunsad ng isang panalangin at programa ng pakikiisa para sa mga bakwit na Manobo. Nagtirik sila ng kandila sa UCCP Haran para ipanawagan ang pagwawakas ng karahasan laban sa mga Lumad.

Sa pangunguna naman ng Artists for Human Rights (AHRT!), inilunsad ang CINERESBAK: Decades of Resistance Films sa Cine Adarna, UP Diliman, isang programa ng pagpapalabas ng mga pelikula ng paglaban noong Disyembre 3.

Sinundan ito ng RAMPA! Red Carpet Walk laban sa *Red-tagging* at mga atake sa mamamayan. Nilahukan ito ng Samahan ng Manininda sa UP, mga manggagawa ng SUMIFRU, ni Mae Paner at iba pang personalidad.

Kasabay naman ng pagdiriwang ng International Day for the Elimination of Violence against Women, naglunsad ng protesta ang Gabriela-Bicol noong Nobyembre 25 sa Plaza Oragon, Naga City. Samantala noong Nobyembre 29, nagprotesta ang Karapatan at Gabriela sa harapan ng Department of National Defense sa Cubao, Quezon City. Kasabay ito ng pagdiriwang ng International Women Human Rights Defenders' Day.

Sa paggunita sa Maguindanao Massacre at International Day to End Impunity noong Nobyembre 23, nagprotesta ang Anakbayan-Southern Tagalog sa Crossing, Calamba, Laguna at Freedom Park, Pala-pala, Dasmarinas, Cavite. Gayundin, naglunsad ng protesta at nagtirik ng kandila ang College Editors' Guild of the Philippines-Cebu at Karapatan-Cebu sa Metro Colon, Cebu.

Samantala, noong Nobyembre 28 bilang pag-alala sa isang taon na kawalang hustisya sa pagpaslang kina Elisa Badayos ng Karapatan-Negros Oriental at Elioterio Moises ng Mantapi Farmers' Association sa isinagawang Central Visayas Fact Finding Mission naglunsad sila ng martsa sa harapan ng Commission on Human Rights Region VII at Metro Colon, Cebu. AB

### Linggo ng PLGA, ginunita

GINUNITA NGAYONG Disyembre 2-10 ng Communist Party of India-Maoist (CPI-M) ang taunang Linggo ng People's Liberation Guerilla Army (PLGA). Inilulunsad ang Linggo ng PLGA bilang pag-alala sa tatlong myembro ng Komite Sentral ng CPI-Maoist—sina Seelam Naresh, Nalla Adi Reddy at Yerramreddy Santosh Reddy—na pinaslang ng mga pwersa ng reaksyunaryong estadong Indian noong Disyembre 2, 1999.

Sa loob ng linggong ito, naglulunsad ang mga mandirigma ng PLGA ng mga pulong masa at rali sa saklaw nilang mga komunidad. Pagkakataon din ito para pasumpain ang mga bagong kasapi ng Partido at hukbong bayan. Sa ilang komunidad, nagtatayo sila ng mga bantayog bilang pagsaludo sa kanilang mga martir.

Tampok sa pagdiriwang ngayong taon ang nakasabit sa kalsada na mga balatenggang naglalaman ng mga panawagan ng CPI-M.

### Welga sa Liwayway, tagumpay

NAGTAGUMPAY ANG tatlong buwang welga ng mga manggagawa ng Liwayway Marketing Inc. Workers' Union (LIWU-ANGLO-KMU) noong Nobyembre 22 matapos humantong sa isang kasunduan ang unyon at maneydsment.

Pinirmahan ang kasunduan para ibalik sa trabaho ang higit 40 manggagawang naka-*floating status*. Ibibigay din sa kanila ang di nabayarang sahod sa panahong nakawelga. Ang mga manggagawa ng Liwayway ay ang gumagawa ng mga produktong tsistsirya na Oishi.

Samantala, nagtagumpay din ang mga manggagawa ng SMT Philippines matapos ang kanilang 55 araw na protesta laban sa iligal na pagsasara ng kumpanya at blokeyo sa pagkain sa kanilang piket.

Nakakuha sila ng katanggap-tanggap na kompensasyon at *separation pay.* Binigyan din sila ng mga tulong at benepisyo matapos ang dalawang dekadang pagtatrabaho sa kampanya.

### Kampuhang manggagawa ng Sumifru sa Mendiola

HIGIT 300 MANGGAGAWA ng Sumitomo Fruits Corporation o Sumifru ang nagtayo ng kampuhan sa Mendiola, Manila noong Nobyembre 27. Tumungo sa Metro Manila ang mga manggagawa para patampukin ang kampanya laban sa kontraktwalisasyon at kahilingan sa kumpanya na kilalanin ang kanilang unyon para makipag kolektibong negosasyon.

Naglunsad din sila ng protesta sa harapan ng Department of Labor and Employment sa Intramuros, Manila noong Nobyembre 29 laban sa paglalabas ni Sec. Silvestre Bello III ng Assumption of Jurisdiction sa isinagawa nilang piket sa Compostela Valley na nag-udyok ng marahas na dispersal dito. Kinundena rin nila ang marahas na pagpaslang ng estado sa dalawang unyonista na lumahok sa welga.

Samantala, dumagsa ang suporta at pakikiisa sa kanila mula sa Workers Advocates for Rights Network (WARN), University of the Philippines at University of Sto. Tomas.